# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA III

## Yunit I
## Modyul Blg. 3

## Magandang Bukas, Handog sa Inyo

## I. Ano Ang Inaasahang Matututuhan Mo?

Pagsulong at pag-unlad… ang gandang pakinggan ano? Sa mga nakikita mo sa iyong paligid at sa kabuuan ng ating lipunan, masasabi mo bang nakamit na natin ito? Ano ang naging batayan mo?

Kung sa tingin mo ay malayo pa tayo sa landas ng kaunlaran, ano kaya ang mga hakbang na dapat nating gawin upang makamit ito?

Kung ikukumpara sa ibang mga bansa, masasabing higit tayong pinagpala. Mayaman tayo sa mga likas na yaman at yamang pantao. Ngunit ang nakapagtataka ay bakit tila ba napag-iwanan na tayo ng ating mga kalapit-bansa.

Narinig mo na ba ang *sustainable development?* Sa iyong pagtunghay sa aralin at gawain ng modyul na ito, higit mong mauunawaan ang konseptong ito. Inaasahang malilinang sa iyo ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga:

L.C 1.6 Naisasabuhay ang mapanagutang pamamahala sa mga materyal na bagay

A. Nasusuri ang kahalagahan ng wastong pamamahala sa mga materyal na bagay sa pagkakamit ng pag-unlad
B. Nakagagawa ng planong pangkaunlaran na isinasaalang-alang ang wastong paggamit at pangangalaga ng mga yamang kaloob ng Diyos
C. Natutukoy ang mga hakbang tungo sa likas kayang pag-unlad (*sustainable development)*

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga III kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng mga aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang-aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang mga sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa kuwaderno sa Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sarilling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago mo simulan ang mga gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## II. Handa Ka Na Ba?

A. *Sanhi at Epekto.* Basahing mabuti ang mga pangungusap sa Hanay A at tukuyin ang magiging epekto nito sa Hanay B.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. Maitim na usok ng mga sasakyan<br>2. Pagtatapon ng basura sa ilog at dagat<br>3. Walang tigil na pagtotroso<br>4. Pagkuha ng mga corals sa ilalim ng dagat upang gawing dekorasyon<br>5. Panghuhuli at pagbebenta ng mga *exotic* na halaman at hayop<br>6. Pangungurakot sa kaban ng bayan<br>7. Hindi pagpansin sa mga suhulang nakikita sa tanggapan ng pamahalaan<br>8. Pagpapaliban ng trabaho sa opisina na maaari namang gawin kaagad<br>9. Pagpapatayo ng mga *subdivision* sa probinsya<br>10. Maluwag na pagpasok ng mga produktong dayuhan sa ating pamilihan | a. Pagliit ng sukat ng mga lupang sakahan<br>b. Pagbagsak ng local na industriya<br>c. *Red tape*<br>d. Pagkaubos ng lahi ng mga kakaibang halaman at hayop<br>e. Pagkaubos ng pondo para sa mga proyektong pampubliko<br>f. *Red tide*<br>g. Pagkawala ng tirahan ng mga maliliit na isda<br>h. Pagkakalbo ng kagubatan<br>i. Pagkakasakit sa baga<br>j. Paglaganap ng katiwalian sa mga tanggapan ng pamahalaan<br>k. Paglaganap ng kriminalidad |

B. Basahin ang mga pangungusap at piliin ang titik ng wastong sagot

1. Ang yaman ng mundo ay ipinagkaloob ng Diyos sa tao upang:

    a. magamit sa negosyo
    b. kilalanin Siya at dakilain ng kanyang mga nilikha
    c. gamitin at pamahalaan nang wasto
    d. pagmasdan at hangaan

2. Mahalagang salik sa pagkakamit ng pangkabuhayang kaunlaran ng bansa ang:

    a. pagkakasundo ng mga pinunong pang relihiyon
    b. mapanagutang pamamahala ng mga likas na yaman
    c. pagbaba ng mga presyo ng bilihin
    d. pag-iipon ng pera ng mga mamamayan

3. Nahihirapan ang pamahalaan na lutasin ang *illegal logging* sapagkat :

    a. maraming taga probinsya ang walang trabaho
    b. mahina ang batas upang parusahan ang mga *illegal loggers*
    c. malawak ang kagubatan sa Pilipinas
    d. kulang sa impormasyon ang mga awtoridad

4. Ang pagpapahalagang dapat linangin upang mapangalagaan ang mga yamang kaloob ng Diyos sa tao ay:

    a. paggalang
    b. mapanagutang pamamahala
    c. pagiging masinop
    d. pagiging masipag

5. Ano ang pinakamakatwirang dahilan kung bakit ang katiwalian ay isang palatandaan na hindi maayos ang pamamahala sa kaban ng pamahalaan?

    a. Nasasayang ang buwis na ibinabayad ng mga mamamayan.
    b. Hindi naibibigay sa mga mamamayan ang proyekto at serbisyong panlipunan na makatutugon sa kanilang pangangailangan.
    c. Nawawala ang tiwala ng mamamayan sa mga pinuno.
    d. Hindi maitaas ang suweldo ng mga empleyado ng pamahalaan

# III.Tuklasin Mo

## Gawain Blg. 1

Basahin mong mabuti ang kuwento at suriin ang aral na maaaring mapulot

### Ang Mahiwagang Lawa



Sa isang malayong probinsya ay may isang maliit na bayang naging tanyag dahil sa isang lawa. Tanging ang lugar lamang ito ang may ganitong anyong tubig. Napabantog ang lawang ito hindi lamang sa linis ng tubig kundi maging sa dami ng isdang nahuhuli dito.

Tahimik na nabubuhay ang mga mamamayan ng bayang ito. Nabubuhay sila sa pangingisda sa lawa at sa pagsasaka sa kani-kanilang bukirin.

May isang lalaking naninirahan din malapit sa lawa. Siya ay may kakaibang kapangyarihang taglay. Kaya niyang humigop ng maraming tubig sa loob ng ilang minuto.

Kinabukasan, sa oras na itinakda, nagdatingan ang kanyang mga kababayan. Dito niya ipinagtapat ang kanyang kakaibang kapangyarihan at ang layunin niyang makatulong sa lumalalang taggutom sa kanilang lugar.

" Mga kasama," pasigaw niyang tawag, "alam kong marami sa atin ang halos wala ng makain dahil sa taggutom sa ating bayan. Kahapon pinagdala ko kayo ng mga maaaring pagsidlan ng isda at nagdala naman kayo. Ganito ang gagawin, pag itinaas ko ang aking kanang kamay, hihinga ako ng malalim at hihigupin ang tubig ng lawa. Sa loob ng tatlong minuto, humuli na kayo ng mga isda. Kapag muli kong itinaas ang aking kamay, senyas na ito na magsialis na kayo sapagkat ibabalik ko ng muli ang hinigop kong tubig. Tatlong minuto lamang ang kaya ng aking hininga, kaya nakikiusap akong dinggin ninyo ang senyas ko. Maliwanag ba? tanong niya. "Oo, malinaw ang direksyon," tugon ng marami.

Pumusisyon ang marami at naghanda sa gagawing paglusong sa ilalim ng lawa. Pagbilang niya ng tatlo ay hinigop nga niya ang lahat ng tubig ng lawa. Sa isang iglap ay natuyo ito. Agad lumusong ang mga tao at humuli ng maraming isda sa ilalim nito. Pagsenyas niya, muling nag-akyatan ang mga tao sa itaas.

Masayang-masaya ang lahat dahil sa biyayang kanilang tinanggap. Maraming beses na ginawa nila ito at nakatulong nang malaki sa pagtawid-gutom sa araw-araw.

Nabalita sa mga karatig-bayan ang biyaya ng mahiwagang lawa. Minsan, nakiusap sila sa lalaking may kakaibang kapangyarihan na magtakda ng araw upang sila man ay may ipantawid gutom. Pumayag ito, at tulad ng dati, ibinigay niya nang malinaw ang kanyang pakiusap.

Nang dumating ang takdang araw ay nagdatingan ang maraming tao buhat sa mga karatig-bayan. Marami silang dalang sisidlan. Bumilang ang lalaki. Huminga nang malalim, sabay higop sa tubig ng lawa. Agad itong natuyo. Hindi magkamayaw ang maraming tao dahil sa dami ng nakita nilang isda sa ilalim ng lawa.

Dumaan ang isang minuto, tuloy pa rin ang mga tao sa pagkuha ng isda…lumipas ang dalawa…hanggang tatlong minuto at hindi pa rin sila tumigil. Sumenyas ang lalaki pagbabadya na hindi na niya makakayanan pa. Ngunit hindi pinansin ng mga tao ang kanyang senyas. Nang hindi na niya makayanan ay ibinuga na niya ang tubig.

Tumaas ang tubig at muling nabalik sa dating anyo ang lawa. Marami ang nalunod dahil sa pagpipilit nilang makakuha ng labis-labis na isda.

Hindi sila namatay sa gutom…namatay sila dahil sa pagiging makasarili.

Halaw sa: *Parables of the Barrio, Vol. I*
*Juan M. Flavier*


## Sagutin Mo

1. Ano ang aral na mapupulot mo sa kuwento?
2. Naging mapanagutan ba ang mga tao sa pagkakataong ipinagkaloob sa kanila? Patunayan.
3. Paano mo ito maiuugnay sa mga suliraning pangkapaligirang nagaganap sa kasalukuyan?
4. Anong pagpapahalaga ang nararapat pairalin upang higit na pakinabangan ng mga susunod na henerasyon ang biyaya buhat sa lawa?


## Gawain Blg. 2


Mayaman at sagana ang ating bansa sa likas na yaman. Yamang maaari pang pakinabangan ng mga susunod na henerasyon kung iaayos lamang ng mga tao sa kasalukuyan ang paggamit nito.

Anu-ano ang mga pagpapahalaganag nararapat isabuhay ng mga Pilipino upang ang likas na yaman ng ating bansa ay pakinabanagan pa ng mga sumusunod na salinlahi tulad ng iyong mga anak at apo. Isulat mo ang iyong sagot sa tapat ng mga larawan sa kaliwa.



Hal. Mapangangalagaan ko ang mga ibon sa pamamagitan ng hindi panghuhuli sa mga ito lalo na ang mga *exotic species* nito.





## Sagutin Mo

1. Mula sa talaan ng mga sagot mo, ipaliwanag kung bakit mahalagang isabuhay ang mga pagpapahalagang ito?
2. Paano mapangangalagaan ang ating mga likas na yaman at yamang pantao?

## Gawain Blg. 3

Basahin ang sitwasyon sa ibaba. Ano ang iyong gagawin kung ikaw ang nasa sitwasyong ganito? Sa iyong pagsagot, isaalang-alang ang mga sumusunod na katanungan.

1. Paano mo babalansehin ang kapakanan ng iyong mga mamamayan at ang kaunlarang pangkabuhayan ng iyong bayan?
2. Anu-ano ang dapat isaalang-alang sa mga ganitong sitwasyon? Bakit?
3. Ang pagpapasya mo bang ito'y magtataguyod ng pag-unlad hanggang sa mga susunod pang henerasyon.

Ang probinsyang iyong kinalakihan ay napakaganda at malaparaiso. Ang dalampasigan ay napapalibutan ng puting buhanginan. Malinis at kulay bughaw ang karagatan at masagana ang yamang tubig.

Dahilan sa kalayuan nito sa kabihasnan, napanatili nito ang kagandahan. Ang distansya ring ito ang dahilan kung bakit marami sa iyong mga kababayan ang nanatili na lamang sa isla at hindi na naghangad pang makapag-aral. Sapat na para sa kanila na may bigas at isda sa hapag-kainan.

Isa ka sa mapalad na nakapag-aral sa Maynila at ngayon ay punong bayan sa lugar na ito. Mahalaga sa iyo na umunlad ang iyong bayan lalo na ang kalagayan ng kabuhayan ng mga mamamayan.


May mga dayuhang nagpunta at nagbalak magtayo ng *resort* sa inyong lugar. Makalilikha ito ng trabaho para sa iyong mamamayan at magiging tanyag ang inyong lugar hindi lamang sa Pilipinas kundi maging sa ibang bansa.

Malaking tulong ito sa kita ng inyong bayan subalit nangangahulugan din itong malaking bahagi ng inyong isla ay hindi na magagamit ng inyong mga mamamayan dahil sa ito'y isasara na sa kanila sapagkat *exclusive resort* ito para sa mga mayayamang *club members.*

## IV. Ano ang Iyong Natuklasan?

Sa natapos na gawain, natitiyak kong may mga bagay at kaisipang naging malinaw sa iyo. Isulat mo sa kaukulang espasyo ang konseptong mabubuo mo bunga ng araling ito. Gamiting gabay ang mga salitang nasa kahon.

| pangalagaan | mahalaga | kapaligiran | susunod na henerasyon |
|---|---|---|---|



Konsepto:
______________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________

## V. Pagpapatibay

Ang pag-unlad ng isang lipunan ay hindi lamang masusukat sa dami ng kita ng mga mamamayan at nagtataasang mga gusali.

Ang tunay na pag-unlad ay holistiko. Makikita dito ang pag-unlad hindi lamang ng antas ng kabuhayan kundi maging ang pagtaas ng antas ng moralidad at ispiritwalidad ng mga tao. Napapaloob din dito ang pamamaraan ng pagtugon sa mga pangangailangan sa kasalukuyan na hindi naman naisasakripisyo ang kinabukasan ng mga susunod pang henerasyon.

Nararapat dito ang matalinong paggamit ng mga likas-yaman upang patuloy nitong matugunan ang pangangailangan ng tao hindi lamang ngayon kundi sa mga taon pang darating.

May mga likas na yaman na kapag naubos o inabuso ay hindi na mapapalitan pa. Sabi nga sa awitin, " hindi masama ang pag-unlad kung hindi nakasisira sa kapaligiran." Nagpapahiwatig ito ng kahalagahan ng

mapanagutang pamamahala sa mga materyal na bagay na kaloob sa atin ng Diyos.

Ang lahat sa daigdig ay magkakaugnay. Naniniwala ka ba dito? Anuman ang gawin natin sa kalikasan at sa lahat ng materyal na bagay na ipinakaloob ng Diyos sa atin ay tiyak na babalik rin sa atin?

Pamilyar ka marahil sa *red tide, landslide* at iba pa. Hindi ba't resulta ang mga ito ng hindi wastong pamamahala sa likas na yamang ipinagkaloob sa atin.

Hindi dapat maisakripisyo ang likas na yaman kapalit ng pag-unlad. Maaari namang makamit ang pag-angat ng kabuhayan ng hindi isinasakripipsyo ang kalikasan.

Makikita sa pahayag ni Punsalan kung paano matatamo ng likas kayang pag-unlad ang pagsasabuhay ng mapanagutang pamamahala sa materyal na bagay. Ang mga ito ay ang:

1. Pagbabago ng pananaw sa pamamagitan ng pagtataguyod sa kahalagahan ng simpleng pamumuhay at hindi maaksayang pagkonsumo
2. Wastong paggamit at tamang pangangalaga sa kalikasan, paggalang at pagtataguyod ng pagpapalit ng mga nagamit na bahagi ng kalikasan
3. Pakikibahagi sa paglutas ng mga suliranin ng kapaligiran
4. Paggamit ng mga teknolohiyang hindi nakasisira sa kalikasan
5. Pagtataguyod ng responsableng pamumuno sa lahat ng antas ng pamayanan o bansa
6. Pagtulong sa maliliit na pamayanan o bansa na magkaroon ng mga programang tutugon sa kanilang pangangailangan
7. Pagkuha ng suporta mula sa malalaking sektor ng lipunan tulad ng mga industriya, pamahalaan, mga institusyon at media

Narito ang sipi ng Kontrata sa Mundo. Basahin mo at sikaping isabuhay ang mga isinasaad dito.

KONTRATA SA MUNDO

*Kasunduang Pangmamamayan*

*Para sa Pangkalahatang kaligtasan ng Ekolohiya*

*Preamble*

Kami, mga mamamayan ng dagdig ay nagagalak
sa kagandahan at kahiwagaan ng lupa, langit,
tubig, at buhay na iba't ibang uri.
Ang Daigdig ang aming tahanan.
Ibinabahagi namin ito sa iba pang nabubuhay na nilalang.

Subalit magagawa naming ang daigdig ay maging hindi karapat-dapat na pamayanan o tirahan ng tao at iba pang uri ng nilalang.

Nababaog ang mga lupain, dumudumi ang mga papawirin, nalalason ang mga tubigan.

Naririnig sa buong mundo ang hinaing ng mga taong may nawawasak na lupain, kabuhayan at kalusugan.

Ang daigdig mismo ang nananawagan upang tayo'y gisingin.

Tayo at ang lahat ng nabubuhay na nilalang ay umaasa sa daigdig at sa bawat isa para sa ating pangkalahatang pagkabuhayan, kapakanan at kaunlaran.

Ang ating kinabukasa'y nakabatay sa muling pagsisiyasat ng ating mga pinakabatayang paniniwala hinggil sa relasyon ng sangkatauhan sa daigdig. Kailangang buuin natin ang pangkalahatang prinsipyo at sistema upang hubugin ang ating kinabukasan alinsunod sa daigdig.

Mga Prinsipyo at Panata
Pangkapaligiran

Bilang pakikipagkasundo sa bawat isa at sa ngalan ng buong pamayanan ng daigdig, itinatalaga namin ang aming sarili sa sumusunod na prinsipyo at aksyon:

**Relasyon sa daigdig**: Bawat buhay ay sagrado. Bawat tao ay isang natatangi at integral na bahagi ng pamayanan ng buhay sa daigdig at may isang tanging responsibilidad na pangalagaan ang buhay sa iba't ibang anyo nito.

Samakatwid, kikilos tayo at mamumuhay sa isang paraang magpapanatili sa likas na mga proseso ng buhay sa daigdig at igagalang namin ang lahat ng uri ng nilalang at ang kanilang paninirahan. Kikilos tayo upang mapigil ang pagkawasak ng ekolohiya.

**Relasyon sa bawat isa:** Bawat tao ay may karapatan para sa isang kapaligirang angkop sa kalusugan at sa mga pagkakataong matamo ang biyaya ng daigdig. Bawat isa rin ay may patuloy na tungkuling gumawa para sa katuparan ng mga karapatang ito para sa kasalukuyan at sa susunod pang salinlahi.

Samakatwid, dahil sa pagmamalasakit ng bawat tao ay magkakaroon ng pagkain, tahanan, malinis na hangin, malinis na tubig, edukasyon, hanapbuhay, at lahat ng kailangan upang lubos na matamasa ang mga karapatang pantao. Tayo'y kikilos para sa higit na pantay-pantay na mga pagkakataon sa mga pinagkukunang-yaman ng daigdig.

**Relasyon sa kaligtasang pang-ekonomiya at pang-ekolohiya:** Sapagkat ang buhay ay nakabatay sa likas na proseso ng daigdig, ang kaunlarang pang-ekonomiya, upang magiging matatag ay dapat magpanatili ng nagbibigay buhay na sistema sa daigdig.

Samakatwid, gagamitin natin ang mga teknolohiyang nagbibigay proteksyon sa kapaligiran at tutulong upang mapalaganap ang mga iyon

sa mga tao sa bawat panig ng daigdig. Kung nag-aalinlangan ukol sa kalalabasan ng mga layuning pang-ekonomiya at ng mga teknolohiya hinggil sa kapaligiran, tutulutan natin ang karagdagang hakbangin para sa pangangalaga sa kalikasan.

**Pamamahala at kaligtasang pang-ekonomiya:**
Ang pangangalaga at pagpapalawig ng buhay sa daigdig ay nangangailangan ng sapat na mga sistemang panglehislatura, pang-administrasyon at pang-hudikatura sa mga angkop na antas lokal, pambansa, pangrehiyon at pandaigdig.

Upang maging mabisa, ang mga sistemang ito ay kailangang mabigyan ng kapangyarihan o kinatawan, may pakikilahok at nakabatay sa pagiging bukas ng mga impormasyon.

Samakatwid, kikilos tayo para sa pagpapatupad ng mga batas na nangangalaga sa kapaligiran at itataguyod ang pagtalima sa mga iyon sa pamamagitan ng mga gawaing pang-edukasyon, pampulitika at pang legal. Isusulong natin ang mga patakaran sa pagpigil o prevention sa halip na reaksyon lamang sa pagkapinsala ng ekolohiya.

Nagpapahayag ng ating pakikipagkasundo sa isa't isa at sa daigdig. Sumusumpa tayong magiging tapat sa mga nabanggit na panata.

____________________
Lagda

## VI. Pagnilayan at Isabuhay Mo

A. Alin sa mga binanggit sa Kontrata sa Mundo ang maaari mong maging kontribusyon sa pagpapairal ng mapanagutang paggamit ng likas na yaman?

B. Ipagpalagay nating kasama ka sa lupong naatasang gumawa ng *Ten-Year Development Plan* para sa Pilipinas. Ano ang mga hakbang at programang iyong gagawin upang makamit natin ang pag-unlad na hindi naisasakripisyo ang kapakanan ng kalikasan at iba pang yamang kaloob ng Diyos?

***TEN YEAR DEVELOPMENT PLAN***

*Ang mga hakbang at programang aking isasagawa upang mapangalagaan ang kapaligiran ay ang mga sumusunod:*

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

## VII. Gaano Ka Natuto?

A. *Sanhi at Epekto.* Basahing mabuti ang mga pangungusap sa hanay A at tukuyin ang magiging sanhi nito sa hanay B.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. Maitim na usok ng mga sasakyan<br>2. Pagtatapon ng basura sa ilog at dagat<br>3. Walang habas na pagtotroso<br>4. Pagkuha ng mga corals sa ilalim ng dagat upang gawing dekorasyon<br>5. Panghuhuli at pagbebenta ng mga *exotic* na halaman at hayop<br>6. Pangungurakot sa kaban ng bayan<br>7. Hindi pagpansin sa mga suhulang nakikita sa tanggapan ng pamahalaan<br>8. Pagpapaliban ng trabaho sa opisina na maaari namang gawin kaagad<br>9. Pagpapatayo ng mga *subdivision* sa probinsya<br>10. Maluwag na pagpasok ng mga produktong dayuhan sa ating pamilihan | a. Pagliit ng sukat ng mga lupang sakahan<br>b. Pagbagsak ng local na industriya<br>c. *Red tape*<br>d. Pagkaubos ng lahi ng mga kakaibang halaman at hayop<br>e. Pagkaubos ng pondo para sa mga proyektong pampubliko<br>f. *Red tide*<br>g. Pagkawala ng tirahan ng mga maliliit na isda<br>h. Pagkakalbo ng kagubatan<br>i. Pagkakasakit sa baga<br>j. Paglaganap ng katiwalian sa mga tanggapan ng pamahalaan<br>k. Paglaganap ng kriminalidad |

B. Basahin ang mga pangungusap at piliin ang titik ng wastong sagot

1. Ang yaman ng mundo ay ipinagkaloob ng Diyos sa tao upang:

    a. magamit sa negosyo
    b. kilalanin Siya at dakilain ng kanyang mga nilikha
    c. gamitin at pamahalaan nang wasto
    d. pagmasdan at hangaan

2. Mahalagang salik sa pagkakamit ng pangkabuhayang kaunlaran ng bansa ang:

    a. pagkakasundo ng mga pinunong pang relihiyon
    b. mapanagutang pamamahala ng mga likas na yaman
    c. pagbaba ng mga presyo ng bilihin
    d. pag-iipon ng pera ng mga mamamayan

3. Nahihirapan ang pamahalaan na lutasin ang *illegal logging* sapagkat :

    a. maraming taga probinsya ang walang trabaho
    b. mahina ang batas upang parusahan ang mga *illegal loggers*
    c. malawak ang kagubatan sa Pilipinas
    d. kulang sa impormasyon ang mga awtoridad

4. Ang pagpapahalagang dapat linangin upang mapangalagaan ang mga yamang kaloob ng Diyos sa tao ay:

    a. paggalang
    b. mapanagutang pamamahala
    c. pagiging masinop
    d. pagiging masipag

5. Ano ang pinakamakatwirang dahilan kung bakit ang katiwalian ay isang palatandaan na hindi maayos ang pamamahala sa kaban ng pamahalaan?

    a. Nasasayang ang buwis na ibinabayad ng mga mamamayan.
    b. Hindi naibibigay sa mga mamamayan ang proyekto at serbisyong panlipunan na makatutugon sa kanilang pangangailangan.
    c. Nawawala ang tiwala ng mamamayan sa mga pinuno.
    d. Hindi maitaas ang suweldo ng mga empleyado ng pamahalaan

## Mga Sanggunian

Flavier, Juan M. *Parables of the Barrio Vol. 1*. Manila

Punsalan, Twila, et al., *Buhay*. Manila: Philippine Normal University Values Education Faculty. 1999

## Susi sa Pagwawasto

### Handa ka na ba?/ Gaano ka natuto?

A.

1. i
2. f
3. h
4. g
5. d
6. e
7. j
8. c
9. a
10. b

B.

1. c
2. b
3. b
4. b
5. b